

CHAPTER *One*

*N*oon lang ito nangyari kay Hermione Fontanilla: ang matulala sa isang lalaki. Akala niya sa mga pelikula o sa libro lang nangyayari iyong tumitigil ang mundo kapag nakita mo na iyong “the one” mo.

Hindi kasi siya naniniwala sa love at first sight. Paano mo mamahalin ang isang taong hindi mo kilala? Mamaya babaero pala iyon o kaya kriminal, mahal mo na kaagad? Kaya matagal bago siya ma-in love. Unless artista ang makita niya.

Maliban nga ngayon. Dahil nang lumabas si Mr. Tall, Dark and Deliciously Handsome mula sa opisina malapit sa magiging bagong mesa ni Maynie, sigurado niyang tumigil sa pag-ikot ang mundo,

nag-align lahat ng mga bituin at nag-alsabalutan ang puso niya para lumipat ng tirahan sa matipunong dibdib ng lalaki.

Sinundan niya ito ng tingin hanggang sa lumabas ito ng pinto papunta sa reception area ng floor nila. Sa loob ng ilang segundong dumaan, naplano na niya ang *future* nilang dalawa ng lalaki.

Maganda naman siya at mabait. Sweet siyang tao at maalaga. Siguro naman okay na iyon para magkainteres din ito sa kanya. Magpapaligaw siya, magpapakipot nang slight, pero sasagutin din niya ito. Magdadaos sila ng isang romantic na beach wedding kung saan iiyak silang dalawa sa unang pagkakataon na makikita nila ang isa't isa sa kasal. Then they would have three children. Two boys na kamukha ni Daddy, at isang baby girl na bibiyayaan ng ganda ng mommy nito. And they would all live happily ever after.

“Aray ko naman, Ate Diane!” bulalas niya nang kurutin siya nang pinung-pino ng babaeng nakaupo sa tabi niya. Itinuturo nito sa kanya kung paano gamitin ang mga programs sa magiging computer niya.

“Nakikinig ka ba?” iritado nitong tanong.

“Opo, nakikinig ako!”

“Eh, ba’t ang layo ng tingin mo?”

Limang taon ang tanda sa kanya ni Diane at

ito rin ang nagpasok sa kanya sa trabahong ito. Kasalukuyan itong assistant to the Vice President of Advertising ng *Montesano Labs*, ang pharmaceutical company na pinagtatrabahuhan nito, pero nag-resign na dahil na-realize nitong mas gusto nitong maging full-time mommy sa sanggol na ipinagbubuntis nito.

Sawa na sa shifting schedule ng call center si Maynie, kaya nang itanong ni Diane sa kanya kung gusto niyang mag-apply sa pinagtatrabahuhan nito, pumayag siya kaagad. Nagustuhan naman siya ni Miss Cecille Tiu, ang magiging boss niya, nang interview-hin siya nito last week kaya agad siya nitong ini-recommend sa HR at agad din siyang natanggap.

Nilingon niyang muli ang pinto kung saan lumabas ang future husband niya.

“Hoy!” tawag ulit ni Diane. “Sinusundan mo ba ng tingin si Sir Eomer?”

“Eomer? Ang ganda naman ng pangalan niya. Aray! Ano ba?” reklamo niya nang muli siya nitong kurutin sa tagiliran.

Ganoon din ito lagi noong mga bata pa sila at ito ang pinag-aalaga sa kanya ng nanay niya. Lagi niya itong tinatakanan, pagkatapos pagbalik niya, mukha na siyang nakipag-wrestling sa buwaya sa putikan.

“May asawa na iyong tao!”

Ay. Muling naramdaman ni Maynie ang pagtigil ng mundo pero ngayon, dahil na iyon sa matinding disappointment. *Bakeeeet?*

“May asawa na?” Hindi niya naitago ang lungkot.

“Oo,” sabi ni Diane na sinasalansan ang mga papel sa harapan nila. “Anak pa ng may-ari nitong kompanya iyong misis niya kaya off limits na ’yan.”

Hindi niya maipaliwanag pero sumama talaga ang loob niya sa nalaman. Dinaan na lang niya sa biro. “Nakatingin lang naman ako, Ate. Di ko naman hahawakan.”

“Ay, naku. Huwag mo na ring tingnan para sigurado.”

“Masama bang tumingin? Ang guwapo kaya! Isipin mo na lang na kapareho n’un iyong paghanga ko kay Benedict Cumberbatch. May asawa rin naman iyon, di ba? Di ko rin hahawakan.”

“Naku, sinasabi ko sa ’yo, Hermione. Pag ikaw nahuli n’ung misis n’un na nakatingin kay Sir, lagot ka talaga. Kaya nga senior citizen na may lahing dragon ang assistant ni Sir Eomer, eh! Sobrang selosa kasi ni Miss Suzanne!”

Naisip na naman niya ang lalaki. Matangkad ito, siguro ay six footer, medyo wavy ang buhok, matangos ang ilong, maganda ang hubog ng panga at kahit hindi ito nakangiti kaninang makita niya,

ang sexy sa kanya ng bibig nito. Kayumanggi ang balat nito at napakakisig tingnan sa suot nitong long-sleeve shirt na nakatupi hanggang siko ang manggas, at black slacks.

Gaano kaya talaga ito kakisig? Parang kailangan niyang makita si Sir na tuwalya lang ang suot.

Ibinalik niya ang atensyon sa pinsan na nagsasalita pa rin pala.

“Eh, ba’t ba kasi selosa iyong asawa niya?” sabat niya. “Babaero ba si Sir kaya hindi niya mapagkatiwalaan?”

“Hindi!” inis na sabi ni Ate Diane. “Pero kahit na. Huwag mo nang tingnan para sigurado. Huwag mo nang pangarapin at lalong huwag mo nang pagpantasyahan kahit wala kang masamang balak. Isipin mo na lang na may asawa iyon, Maynie. Iyon na lang.”

Alam niya iyon. Sa lahat siguro ng mga babae, siya na iyong mapagkakatiwalaan ng mga misis na hindi mang-aakit sa mga mister nila. Ilan na bang lalaki ang di lang niya binasted pero isinumbong pa niya sa mga misis at girlfriends ng mga ito nang subukang manligaw sa kanya? Walang balak maging kabit si Maynie, kahit pa iyong lalaki eh mukhang nilikha ng Panginoon noong super ganda ng mood ni Lord.

No, Maynie wasn't going to touch. Pero dahil hindi

rin siya bulag, alam niyang hindi niya mapipigilan ang pag-look at pag-appreciate. Wala namang makakaalam, siya lang. Hindi na lang niya sasabihin sa pinsan niya at lalong-lalong hindi niya ipapahalata kay Sir Eomer na pinagpapantasyahan niya ito.

It would be her own little secret.



Bumuntong-hininga si Eomer nang mag-vibrate sa balsa niya ang telepono niya. Dinukot niya iyon at sinagot ang tawag.

“Yeah?”

“Love, anong oras ka uuwi?”

After more than a year, hindi pa rin siya nasasanay na “love” ang tawag sa kanya ni Suzanne. Love used to be such a powerful word for him dahil nakita at naranasan niya ang tunay na “love” sa yakap ng pamilya niya, pero ngayon nawalan na iyon ng saysay at naging isang malaking kasinungalingan. He ignored the nickname, as usual. Iyon lang ang kaya niyang gawin para hindi sungitan si Suzanne.

“Gabi na,” sabi niya sa babae. “May kailangan akong tapusin.”

“Na naman?” nagtatampo nitong saad.

“Busy ako, Suzanne,” sabi niya na bumubuntong-hininga ulit. “Kung gusto mong mas maaga akong umuwi, sabihin mo sa daddy mo na huwag akong

bigyan ng maraming trabaho.”

Agad niyang pinagsisihan ang sinabi na iyon dahil alam niyang gagawin iyon ng babae. At dahil spoiled ito sa ama, susundin ito ng biyenan niya. Then he wouldn't have an excuse not to go home early.

“Good idea!” masayang sabi ni Suzanne.

Damn it!

“Tatawag ako sa kanya after this. Uwi ka nang maaga mamaya, please?” paglalambing nito. “I have a surprise for you.”

Kinabahan siya. Iyong huli nitong *surprise* ay isang romantic dinner sa silid nila na sinundan ng isang bubble bath for two sa higante nilang bathtub. Naisip niya nga noong kunin ang isa sa mga kandila sa mesa at sindihan ang lahat ng flammable materials sa silid nila para lang hindi matuloy ang “date” nila. Sa huli, pinagbigyan niya ito sa dinner dahil alam niyang nag-effort ito, pero tumanggi siya sa bubble bath. There were things he just couldn't do and that included being naked with his own wife.

“Hindi talaga puwede, Suzanne. May mga deadlines ako. I need to get back to work. Mamaya na lang tayo mag-usap.”

Pinutol niya ang tawag saka ibinalik sa bulsa ang telepono. He took a moment to compose himself

before he started walking to the convenience store at the ground floor of the their office building.

Isang taon mahigit na ito. Gaano katagal pa kaya niya kakayanin?

Habambuhay na 'to, Eomer, malungkot niyang sabi sa sarili habang itinutulak pabukas ang pinto ng tindahan. You signed your life away when you signed your marriage contract.

But then again, he had saved his father from jail, paid for his mother's hospital bills, and made sure his sisters didn't stop going to school. Siniguro niyang may bahay silang matitirhan at may pagkain sila sa mesa. Tiniyak niyang buo ang pamilya nila.

Thinking about that made the last one year and three months of his life trapped in a marriage he didn't want worth every moment.

Iyon na lang ang panghahawakan niya.

CHAPTER *Two*

Isang linggo nang pumapasok si Maynie at enjoy na enjoy siya sa trabaho. Linya kasi talaga niya ang advertising kaya hindi siya nahirapang mag-adjust. Isa pa, challenging ang pagiging assistant ni Miss Ces sa dami ng trabaho ng bago niyang boss. Isang linggo pa nga lang, idol na niya ang babae na sa palagay niya ay si Superwoman!

Matalino ito at intimidating, istrikta at suplada sa mga empleyado pero pagkatapos nitong magtaray sa iba ay kikindatan siya nito. Front lang kasi iyon ng babae para raw protektahan ang reputasyon nito at para makakuha ng magagandang results mula sa mga empleyado.

Maging si Maynie tuloy ay medyo kinakatakutan

ng mga nasa department nila dahil baka kasing-suplada raw siya ng boss nila. Pero hindi kasi talaga siya ganoon. Masyado siyang palangiti para magmukhang strict. Dahil doon, mabilis tuloy siyang naging go-to ng mga gustong kumausap kay Miss Ces, pero takot dito. Si Maynie na lang ang nilalapitan ng mga ito.

She liked it, actually. It made her feel needed and important. Ang idea kasi niya dati sa isang assistant ay utusan at tagatimpla ng kape, pero in reality, Miss Ces relied on her for more than her daily coffee.

Isa pang maganda sa trabaho niya ay araw-araw siyang nakakasilay kay Sir Eomer sa tuwing lalabas at papasok ito ng opisina nito. Tahimik ang lalaki at hindi niya alam kung suplado o mahiyain. Kung hindi kasi ito nakatungo, nakatingin lang ito nang derecho sa pupuntahan nito. Ngumingiti naman ito kapag may bumabati rito pero hindi ito humihinto para makipagkuwentuhan. Ang secretary lang nitong si Mrs. Roxas ang kinakausap nito bago ito magkukulong sa opisina.

Isang beses, nahuli siya ng lalaki na nakatingin dito. Sa kauna-unahang pagkakataon, nag-eye contact sila, at pakiramdam niya ay tinamaan siya ng kidlat sa ganda ng dark brown na mga mata ni Sir Eomer.

Gusto niya itong batiin. Good morning lang sana pero hindi talaga niya nagawa. Kaya nang ma-realize na masyadong matagal na pala siyang nakatanga rito, nag-iwas na siya ng tingin at nagpanggap na busy sa computer niya.

Gawd, para lang siyang high school student na may crush! Ganoon din kasi ang feeling pero mas may dahilan na siya ngayon, bukod sa kahihyan, para mag-ingat na hindi malaman ng lalaki na may crush siya rito. At ang dahilan na iyon ay si Mrs. Suzanne Montesano.

Kaya okay na siya sa pasulyap-sulyap. Kailangan niyang mas mag-ingat dahil nahuli siya minsan ni Miss Vicky, iyong mother of dragons na assistant ni Sir Eomer na nakatingin sa boss nito. Tiningnan siya nito nang masama at akala talaga niya ay bubugahan siya nito ng apoy kaya mabilis siyang nagtuon sa sarili niyang trabaho.

Alam ni Maynie kung hanggang saan lang siya puwede at dapat. Hindi siya mang-aakit ng may asawa. Hindi siya ganoong klase ng babae. Tama na sa kanya iyong araw-araw niyang nakikita si Sir Eomer. Okay na iyong hinahangaan niya ito from afar na parang isang crush na artista.

Problema, hindi niya araw-araw nakikita ang mga celebrity crushes niya pero araw-araw ay may

posibilidad na makausap niya for the first time at live and in person si Sir Eomer.

Gaya ngayon nang marinig niya ang boses nito pagpasok na pagpasok niya sa elevator.

“Hold the elevator, please,” tawag ng malalim at sexy nitong tinig na madalas na niyang naririnig na bumubulong sa tainga niya sa mga erotic dreams niya.

Agad niyang pinindot ang hold button at hinintay na makahabol ang lalaki.

Kahit napaghandaan na niyang makita ito, saglit pa ring nag-short circuit ang pagkatao niya nang sa wakas ay makapasok ang lalaki.

He gave her a small smile. “Thanks.”

“You’re welcome, Sir.” Binitawan niya ang hold button at sumara ang mga pinto.

Halos manginig ang panga ni Maynie sa pagpipigil ng pagbabago ng facial expressions niya dahil baka mapasulyap si Sir Eomer sa kanya. Mahirap na, baka mahuli siya nitong kagat ang labi niya kasabay ng pagtirik ng kanyang mga mata habang napapalibutan siya ng bango ng cologne ng lalaki na para bang yakap siya nito.

Mas guwapo pa ito kapag casual Friday sa suot nitong jeans, simpleng puting polo shirt at puti ring tennis shoes. Hawak nito ang isang itim na jacket,

smartphone at ang susi ng kotse nito.

Gusto niya itong kausapin pero gaya noong una ay wala siyang maisip sabihin. Kaya pinagbigyan na lang niya ulit ang imagination niya at inisip na sabay silang aalis ni Eomer dahil magdi-dinner pa sila bago sila uuwi sa condo nila para sa, ehem, more private activities.

Hay, ang sarap talagang mangarap.

Sana puwedeng mag-dive na lang sa mga mundong naiisip niya. Siguradong mas masaya kasi siya sa loob ng mga iyon. Kasi doon, siya ang asawa ng lalaki. Dito, hindi man lang niya ito makausap.

But she couldn't have planned anything like what happened next. Hindi dahil sa ayaw niyang ma-trap kasama ni Eomer sa elevator but because she hated being trapped in small, dark spaces, period.

Nasa pagitan sila ng fifteenth at sixteenth floors nang mamatay ang ilaw at pabiglang huminto ang elevator. Na-off balance si Maynie. Nahigit niya ang hininga at hindi sinasadyang napahawak siya sa braso ni Eomer sa takot. Automatic namang tinakpan ng lalaki ang kamay niya sa braso nito.

“Oh, my God. Oh, my God!” paulit-ulit niyang sinabi.

“You okay?” tanong ng lalaki.

“Yes,” pagsisinungaling niya pero nagsisimula

na siyang mag-hyperventilate. “No. God, no. I’m sorry,” bawi niya.

It was too dark and she could actually feel it closing in on her, swallowing her and suffocating her. Kahit pa malaking-malaki na ang pagkakabukas niya sa mga mata niya, wala pa rin siyang makita. Humigpit ang hawak niya sa braso ni Eomer para masiguro na hindi siya nag-iisa. Hinila nito iyon pero nadama niyang lumapit ito sa kanya at doon na siya kumapit sa T-shirt nito.

“Hey,” sabi nito na hinahagod na ang likod niya. “It’s okay. Sandali lang ’to. The generators will kick in soon.”

Pinigil niya ang hininga hanggang sa nakakita na siya ng spots sa harapan ng mga mata niya.

“Breathe,” utos ni Eomer. “Breathe.”

Noon niya pinakawalan ang hininga saka pinilit na huminga nang normal.

“That’s it,” he told her soothingly habang hinahagod pa rin ang likod niya. “Just relax. Hinga lang nang malalim.”

Sumindi ang emergency light sa isang kanto ng elevator pero iyon lang ang umilaw. Hindi sumindi ang mga ilaw sa panel ng mga buton ng floor numbers at hindi rin muling umandar ang elevator.

Noon niya tiningala si Eomer at nakita nang

close up ang mga mata nitong puno ng pag-aalala. “There, see? May ilaw na. Sandali na lang at makakaalis na tayo rito. Hinga ka lang, okay?”

Tumango siya at pinilit na ginawang normal ang paghinga. “Sorry po, Sir,” sabi niya. “May phobia po ako sa madilim na lugar.”

“Nahihilo ka ba? Gusto mong maupo?” tanong nito pero pinapaupo na siya nito sa sahig at pinasandal sa pader. “Kung gusto mong tumungo, put your head between your knees or something. Nakakatulong daw sa hilo iyon.”

Muli itong tumuwid at idinaan ang mga daliri sa buhok nito saka tiningala ang security camera. Lumapit ito sa panel at pinindot ang ilang mga buton pero hindi umilaw ang mga iyon.

“Bakit kaya ang tagal bumalik ng kuryente?” tanong nito. Pagkatapos ay tiningnan nito ang teleponong hawak. “Wala pa man din akong battery.”

Ilang beses lumunok si Maynie bago binuksan ang bag niya at kinuha ang sariling phone.

“May battery pa ako pero wala pong signal,” aniya, nakatingala sa lalaki.

Tumango ito saka sinubukang buksan ang mga pinto pero hindi nito nagalaw ang mga iyon. Bumuntong-hininga na rin ito at naupo sa tapat niya.

“Ano kaya’ng nangyari?” tanong ni Maynie. Not

that she didn't like having him all to herself, pero sana hindi ganito ka-drastic. She hated the dark and the small space, and the fact that they were stuck hanging over more than a hundred feet of air. Nanlaki ang mga mata niya nang maisip iyon. "Baka mahulog tayo."

"Huwag kang mag-alala. Automatic namang mag-lo-lock iyong breaks kapag huminto iyong elevator kahit sa pagitan ng mga floors. Mechanical iyon, hindi electrical. Kahit walang kuryente, mag-lo-lock siya."

"Kaya ba huminto iyong elevator? Kasi nag-brown out?"

Umiling si Eomer na kunot ang noo habang nag-iisip. "Hindi dapat. Kahit mawalan ng kuryente, dapat nabuhay na kaagad iyong mga generators. Baka may nasirang kable o ano." Pinagmasdan siya nito. "Are you feeling better?"

Tumango siya.

"Ikaw si Maynie, di ba? Iyong bagong assistant ni Tita Ces?"

Sandali... oh, my God! Alam nito ang pangalan niya? Tekang masikip na naman ang dibdib niya. "Opo."

He smiled at her. "I'm Eomer."

Mahina siyang tumawa. "Nice to meet you po."

Natawa na rin ito. “Sorry. Sinusubukan lang kitang i-distract. Parang dilated pa rin ’yang mga mata mo, eh. Are you sure you’re okay now?”

“Opo. Sorry po talaga kanina.”

“Na-trap ka na ba sa elevator dati?”

“Hindi po, may takot lang po talaga ako sa madilim na maliit na lugar.”

“It’s okay. Normal lang iyon. Marami namang tao ang claustrophobic.”

“Ikaw, Sir? Hindi ka ba claustrophobic?”

Umiling si Eomer. “Hindi ako takot, pero ayoko n’ung pakiramdam na trapped ako,” sabi nito na nakatingin na sa kisame.

Tiningala ni Maynie ang security camera na sa palagay niya ay hindi gumagana. “Ako rin po. Pasensya na rin po kayo kung daldalin ko kayo ngayon, ah. Madaldal po kasi ako kapag nininerbiyos.”

“Okay lang. If it comforts you, magkwento ka lang,” he told her kindly.

“Ngayon lang po kasi nangyari sa ’kin ’to talaga,” simula niya. “Tapos ang dami pang urban legends na minsan bumubukas iyong mga pinto pero wala pa iyong elevator kaya pag-apak mo, malalaglag ka na lang bigla.”

“Safe naman ang mga elevators dito,” he

reassured her. “De kalidad ang mga materyales at pulido ang gawa nito as far as I know. ’Tsaka iyong huling inspection, maganda naman ang feedback.”

“Ay, sige po. Naniniwala na po akong safe nga tayo.” Ngumiti siya saka bumuga ng hangin. “Parang kasama kayo n’ung nag-inspection, Sir, ah,” biro niya.

“Oo, actually. Pamilya kasi namin ang may-ari nitong building dati pero naibenta ng daddy ko.”

“Ay, gan’un po? Bakit po?” tanong niya na hindi napigilan ang kuryosidad.

Saglit na natigilan si Eomer na para bang pinagsisihan ang sinabi sa kanya. Umiling ito. “He has his reasons.” Iyon lang at binago na nito ang usapan. “Kumusta naman ang first week mo sa trabaho? I mean, bago ka na-trap sa elevator.”

Muling natawa si Maynie. “Okay lang po. Enjoy naman po siya saka mabait po si Ma’am Ces. Mabilis po kaming nagkasundo.”

“Oo nga. Mabait iyon. Huwag kang maniwala sa mga sabi-sabi na mahirap siyang makatrabaho. Mahirap lang siyang makatrabaho kung pasaway ka at matigas ang ulo.”

“Na-realize ko nga rin po iyon n’ung second day ko nang pumapasok sa kanya,” kuwento niya. “Pero mabait po talaga siya. ’Tsaka gusto lang po talaga niyang masipag at maagap ang mga empleyado niya.”

“Na dapat naman talaga,” sang-ayon ng lalaki. “Saan ka nagtatrabaho bago dito? O fresh grad ka ba?”

“Ay, hindi, Sir,” natawang sagot niya. “Two years po akong nag-work sa call center. Kilala po n’yo si Ate Diane? Iyong dating assistant ni Ma’am Ces? Pinsan ko po siya. Siya po ang nag-recommend sa ’kin kay Ma’am Ces.”

“Ah, di mabuti. At least sigurado si Tita Ces sa kukunin niyang empleyado.”

Napatingin sila sa emergency light nang kumurap iyon na para bang nag-trip na naman ang kuryente. Hinintay nilang dalawa na bumalik ang ilaw pero nanatiling madilim sa paligid nila.

Muling tiningnan ni Maynie ang phone niya sa pag-asang may signal na pero wala talaga. Ibinalik niya iyon sa bag. Noon niya naalala ang binili niyang sandwich sa convenience store kanina na hindi niya nakain. Inilabas niya iyon mula sa bag.

“Nagugutom ka na ba, Sir? Gusto mo ng sandwich?”

“Hindi pa naman. Pero kung nagugutom ka na, kainin mo na ’yan. Okay pa ako.”

“Paano kung matagal pa bago nila ma-realize na sira ’yong elevator natin?”

“Hindi naman siguro. Makikita naman nila na

walang power dito kapag napansin nilang hindi nagpapadala ng feed iyong CCTV. Hindi naman siguro tayo aabutin ng magdamag dito.” Saglit itong natahimik. “Huwag lang sana tayong ma-CR kasi iyon ang problema.”

“Inom pa naman sana ako pero sige, huwag na lang.” Ibinalik niya ang sandwich sa bag niya. “Hindi pa rin naman ako gutom. Kahit mamaya na lang tayo kumain. Sabihin mo kung gutom ka na, Sir, ah. Hati tayo sa sandwich.”

Muli siya nitong ginawaran ng ngiting humaplos sa puso niya. “Sige. Salamat.”

CHAPTER *Three*

“Sir, may tanong pala ako,” pagkuwa’y ani Maynie. “Iyong pangalan mong Eomer, galing sa *Lord of the Rings* ’yan, ano?”

“Oo. Fanboy kasi ang tatay ko. Iyong dalawa kong kapatid na babae, Galadriel at Arwen ang mga pangalan.”

“Ay, Ang gaganda naman! Maganda rin siguro mga kapatid n’yo ano?” *Ang guwapo n’yo kasi, eh.*

Napangisi ito. “Oo naman. Eh, ikaw? Totoong pangalan mo ba iyong Maynie?”

“Hindi po. Hermione po talaga pangalan ko.”

Ito naman ang mukhang naaliw sa pangalan niya. “O galing din pala sa libro iyong pangalan mo, eh. Sa *Harry Potter* iyon, di ba?”

“Opo, pero hindi po ako kay *Hermione Granger* ipinangalan. Helen po kasi ang pangalan ni Mama.”

“Helen... *of Troy*,” sabi ng lalaki na namilog ang mga mata na parang may na-realize. “*Hermione* ang pangalan ng anak ni *Helen of Troy*! Ang galing!”

Nagulat si Maynie pero kinilig din siya at natuwa. “Alam mo ba, Sir, na ikaw ang unang taong hindi ko kinailangang paliwanagan niyan? Madalas nga kailangan ko pang sabihin sa kanila kung ano iyong *Illiad*, eh.”

Tumawa si Eomer. “Binasa ko iyon n’ung high school. Ilan kayong magkakapatid?”

“Only child po ako.”

“Ah, talaga? Ano’ng pakiramdam ng only child?”

“Sa totoo lang po, hindi ko rin masasabi kasi hindi ko naramdaman na only child lang ako. Marami po kasi akong pinsan.”

“Ang parents mo? Ano’ng trabaho nila?”

“English teacher po si Papa. Si Mama po housewife pero mahilig po kasi siyang mag-bake kaya may sideline po siyang tindahan ng iba’t ibang klaseng chocolate chip cookies online.”

“Uy, mahilig ako sa chocolate chip cookies,” nakangiti nitong pagpaparinig.

“Sige po, dadalhan ko kayo sa Monday,” excited niyang pangako. “Basta makalabas tayo ng elevator

bago mag-kinabukasan.”

Muling tumingala si Eomer. “Dapat pala mas galingan ko na ang pagsubok na buksan iyang elevator. Cookies na ang nakataya.”

Bumungisngis siya. “Eh, kayo, Sir? Linya n’yo ba talaga ’tong mga gamot?”

“Hmm, Chemistry ang course ko n’ung college.”

“Chemistry!” bulalas niya. “Naku, matalino ka pala talaga, Sir!”

“O, di naman porke chemist ako matalino na ako. Malay mo ako pala ang pinakamababa ang grades n’un sa batch ko.”

“Wala naman sa grades iyon, Sir! Ako kasi nahirapan sa Chemistry n’ung high school. Paborito kong science subject, eh, Bio.”

“O, okay lang iyon. Ako for some reason, nalilito ako sa Physics.”

“Ay, ayoko ng Physics, Sir. Hindi pa nakatulong na laging tulog ang teacher namin n’un sa Physics. Kahit nagsusulat siya sa blackboard nakakatulog siya.”

Muling tumawa si Eomer. “Makulit ka ba talaga o dahil nininerbiyos ka pa rin?”

Pinag-aralan ni Maynie ang sarili. “Actually, okay naman na yata ako, Sir. Hindi na ako kabado.”

“Buti naman. Pero subukan natin ulit at baka

magpabukas na 'tong mga pinto.”

Tumayo na rin siya nang tumayo si Eomer. Una nitong sinubukang paghiwalayin muli ang mga pinto ng elevator at kumaway-kaway naman si Maynie sa security camera.

“Di ba dapat may kuryente kahit paano? Bukas naman iyong emergency light, eh. Ba’t walang CCTV camera?”

“Hiwalay kasi ang power source n’yan,” sabi ng lalaki na nakatingala na rin sa camera. “Pero bakit kaya hindi nila napapansin na walang feed galing sa elevator natin?”

Mukhang tanga lang na kinilig siya sa “elevator natin.” Ang babaw lang niya, nakakainis! Pati nag-malfunction na elevator, eh, okay lang kasi shared property nila.

“Gaano katagal na ba tayo dito sa loob?”

Tiningnan ni Maynie ang phone niya. “Mga one hour, twenty minutes na, Sir.”

Bumuga ng hangin si Eomer at nanatiling nakatingala sa kisame. “Check ko kaya iyong cable sa labas?”

“Alam mo kung paano gawin iyon?”

Tiningnan siya nito. “Hindi. Pero napanood ko sa mga pelikula. ’Tsaka matagal ko nang gustong subukang umakyat sa labas ng elevator.”

“Naku, huwag na, Sir! Makuryente ka pa d’yan.” Tinalikuran niya ito saka siya bumalik sa puwesto niya kanina at muling naupo.

“Sige na,” pangungulit nito na muling naupo sa tapat niya. Mapagbiro na ang himig nito at may ngiti na sa mga labi na nagpapakita na may kakulitan din ito. “Sisilip lang ako. Kunwari nasa *Mission: Impossible* ako.”

May kung anong lumambot sa puso ni Maynie. Naaaliw kasi siyang makita ang side na ito ng lalaki. “Eh, paano kung may kable palang naputol d’yan na lumilipad-lipad? Mamaya pumulupot pa iyon sa leeg mo sabay hablot sa ’yo palabas ng elevator. Iyong *Mission: Impossible* mo, magiging *Final Destination*. Pumirmi ka na d’yan. Ma-re-realize din nilang hindi gumagalaw ’tong elevator.”

Ngumisi na si Eomer. “Yes, Ma’am.”

She smirked at him. Kinuha na niya ulit ang sandwich niya. “Kain na tayo, Sir. Medyo gutom na ako eh.”

Binuksan niya ang plastic wrap ng roast beef sandwich at inabot kay Eomer ang kalahating slice niyon.

“Salamat,” anito na kumakagat na sa sandwich. “Pag labas natin dito, kumain na lang muna tayo bago tayo umuwi, ah.”

Biglang dumikit sa ngalangala ni Maynie iyong nginunguya niyang sandwich.

Hindi ka niya inaayang mag-date, gaga. May asawa siya. He's just being polite. Saka baka nahalata lang niyang mukha kang cavewoman kumain ng sandwich sa gutom mo.

“Hindi po ba kayo hahanapin ng misis n’yo?” pasimple niyang tanong nang sa wakas ay malunok niya ang sandwich.

“Malalaman naman niyang nakulong ako sa elevator. Imposibleng hindi sabihin sa kanya ng head ng Maintenance pag labas natin,” simple nitong saad.

Nagkumahog na naman ang utak niya na i-analyze ang sinabi nito at kung paano iyon sinabi ng lalaki.

Mukhang hindi ito nagulat na alam niyang may asawa ito. Ibig sabihin, wala itong balak na itago o itanggi na may asawa na nga ito. Samakatwid, wala itong masamang balak. Kaya lang, parang hindi rin ito concerned na hahanapin ito ng asawa nito. Hindi ba sila close? Paano nangyari iyon?

“Matagal na po ba kayong kasal ni Ma’am?” muli niyang tanong.

Nanatiling nakatingin sa hawak nitong sandwich si Eomer. “One year, three months.”

“Wow. Naka-one year na pala kayo, Sir,” sabi niya

na pilit nilalabanan ang selos.

Ay, may karapatan kang magselos, besh?

Mahina itong tumawa saka muling kumagat sa sandwich. Hindi na ito muling nagsalita. Mukhang ayaw nitong pag-usapan si misis.

Tahimik na lang siyang nagpatuloy sa pagkain pagkatapos ay kinuha niya ang baon niyang bottled water at inalok iyon sa lalaki. Pinauna siya nitong uminom saka niya ipinasa rito ang tubig. Medyo namilipit ang sikmura niya habang pinapanood na iangat ng lalaki ang bote sa bibig nito at inubos ang laman niyon.

Ilang taon ka na ulit, Hermione? Kung kiligin ka naman sa indirect kiss, akala mo never been kissed ka pa.

Never been kissed pa naman talaga siya. Never been kissed ni Sir Eomer.

May asawa, kanta ng konsyensya niya.

Alam ko, kanta rin niya. Kaya nga wala akong gagawin.

Ibinalik ni Eomer ang takip ng bottled water nang maubos nito ang laman niyon bago sila nagkatinginan nang may marinig mula sa likuran ng lalaki. Nagmamadali silang tumayo at lumapit sa pinto. Hindi sila nagkamali. May mga tao sa labas.

Hinampas nila ng gilid ng mga kamao nila ang

mga pinto.

“Buksan n’yo ’to! Nandito kami!” masaya nilang tawag.

“Hala, may tao nga!” narinig nilang sabi ng isang lalaki mula sa kabila. “Sandali lang po! Bubuksan po namin iyong pinto.”

“Thank you!” sigaw ni Maynie.

Umatras sila ni Eomer at tumayo ito sa harapan niya na medyo protective ang ayos. Gusto niya itong biruin na hindi naman siguro dinamita ang gagamitin ng mga ito para buksan ang mga pinto ng elevator, di ba? Pero ikinatuwa pa rin niyang instinctively protective si Kuya.

Dinampot niya ang bag niya at ang jacket ni Eomer saka hinintay na mabuksan ang mga pinto. Nag-cheer silang dalawa nang maghiwalay iyon pabukas at nakita nila ang mukha ng isang taga-Maintenance.

“Hala, Sir Eomer! Kayo pala ’yan!”

“Opo, Sir,” sabi ng lalaki na inilalahad ang palad sa kanya.

Kinuha ni Maynie ang kamay nito sa hindi niya maisip na kadahilanan. Lumapit sila sa lagusan. At dahil huminto nga sila sa pagitan ng dalawang palapag, waist-level niya ang sahig ng sixteenth floor, kailangan niya ng tulong para makaakyat. Iniabot ng

taga-Maintenance ang kamay nito para hilahin siya pero naunahan ito ni Eomer. Tumungo na ang lalaki, hinawakan siya sa mga balakang saka siya iniangat hanggang sa makaupo na siya sa sahig sa itaas.

Hindi siya kasing-laki ng hippopotamus, pero hindi rin siya iyong tipong small at dainty. Gayunman, parang wala lang dito na iangat siya.

Lord, ang lakas ni Sir!

Nanghihina ang mga tuhod, nagpatulong si Maynie sa isa pang taga-Maintenance na makatayo para makalabas na rin si Eomer sarili kasunod niya.

“Pasensya na po, Sir,” sabi ng lalaking nagbukas ng mga pinto. “Kaka-report lang po kasi sa ’min na parang hindi nga raw gumagana ’tong elevator. Nag-trip kasi iyong kuryente kanina. N’ung bumalik, nagkaloko-loko yata iyong sa computer kasi sabi d’un umaandar naman po itong elevator n’yo. Napansin lang po ng guard sa ibaba na hindi po bumubukas kahit nasa ground floor na.

“N’ung i-check nila iyong security feed, may feed naman po galing sa lahat kaya akala nila walang problema. May nakapansin lang po na dalawang screen po pala iyong nagpapakita ng feed galing dito sa katabing elevator. Ngayon lang po nila ni-report.”

“So saan po ang sira n’un, Sir?” tanong ni Eomer.

“Eh, tinitingnan na po ng IT kung ano’ng

nangyari sa programming, 'tapos baka mamaya pong alas diez ng gabi, isara lahat ng elevators para po sa maintenance. Mahirap na po kasi, eh.”

“Opo nga,” ani Eomer. “Mabuti na iyong sigurado. Salamat, Kuya Sandy.”

“Wala pong anuman, Sir. Pasensya na po talaga.” Siya naman ang nilingon ng lalaki. “Ma’am, sorry po.”

“No problem, Sir,” sabi na rin ni Maynie. “Basta po masigurong ligtas po.”

“Ay, opo naman, Ma’am,” nakangisi nitong saad. “Sisiguruhin po natin.”

Bumukas ang katabing elevator at pinauna siya ni Eomer na pumasok doon. Tumawa ito nang pabiro niyang kapain ng paa ang sahig sa takot na baka magkatotoo ang ikinuwento niyang urban legend kanina.

“Kuya Sandy,” tawag nito sa lalaking naiwan sa labas. “Baka huminto ulit ito, ah.”

Tumawa ang lalaki. “Ipa-radyo n’yo po sa guard sa ibaba kapag nakarating na kayo d’un, Sir. Kung ten minutes na at di pa kayo tumatawag, bubuksan ko na ’yan ulit.”

“Salamat po,” natawa na ring sagot ni Eomer saka siya sinamahan sa loob.

Pareho silang nagkrus ng mga daliri bago

masayang tumawa nang bumukas ang mga pinto niyon sa ground floor.

“Sir!” tawag ng guwardiyang naroon. Namimilog ang mga mata nito. “Nakulong daw kayo sa elevator?”

“Oo, Sir,” sagot ni Eomer na iginigiya siya palabas. “Mahigit isang oras din po. Baka bukas po, eh, maghagdan na lang ako paakyat.”

Nahihiyang tumawa ang guwardiya. “Baka mas mabuti pa nga, Sir. Sige po, ingat po kayo.” Tumango ito sa kanya. “Ma’am.”

Ngumiti siya rito saka sinabayan sa paglakad si Eomer.

“Alam n’yo, Sir. Akala ko suplado kayo.”

“Bakit naman?” gulat nitong tanong.

“Kasi kapag nand’un tayo sa floor natin—“ Uy, may isa pa silang shared property!—“Hindi kayo masyadong namamansin ng mga tao. Pero sikat pala kayo sa mga taga-Maintenance ’tsaka sa mga guards. Alam n’yo pangalan nilang lahat.”

Nagkibit-balikat lang ito. “Mas madalas kong nakakausap iyong mga guwardiya kaysa sa mga kasama natin sa floor natin, eh.” Huminto sila sa gilid lang ng main door ng gusali. “Saan mo gustong kumain?”

“Naku, hindi na, Sir,” ani Maynie na umiiling. “Gabi na kasi. Baka kailangan n’yo nang umuwi.”

“Ikaw ba hahanapin sa inyo?”

“Sabi ko po baka mag-mall ako ngayon kaya mamaya pa po nila ako i-e-expect sa bahay.”

“Iyon naman pala, eh. Di kumain na muna tayo,” pagpipilit nito. “Pa-thank you ko sa pagbigay mo ng sandwich sa ’kin kanina. Kakainin mo na nga lang, hinati mo pa para hindi rin ako magutom.”

“Eh, mukhang di ka naman nabusog,” biro niya.

“Hindi nga,” nakangising sagot ni Eomer. “Pero lamang tiyan din iyon. Halika na. Tumawid lang tayo sa *Robinson’s*. Doon na tayo kumain.”

Sige na nga, Sir! Mapilit ka, eh.